HEKASI 4

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# EPEKTO NG PAGDATING NG IBA PANG DAYUHAN SA KULTURANG MATERYAL


Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***


This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

**GRADE IV**

# EPEKTO NG PAGDATING NG IBA PANG DAYUHAN SA KULTURANG MATERYAL

## ALAMIN MO



Ano ang ipinapakita ng mga ito?
May nakikita ka pa bang nagsusuot ng mga ganitong damit?
Likas ba sa kultura ng mga sinaunang Pilipino ang mga pagkain sa larawan?
May mga bagay ba sa inyong pamayanan na katulad ng nasa larawan?

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang tungkol sa:

- Epekto ng pagdating ng mga dayuhang Espanyol, Amerikano at Hapones sa Kulturang Materyal ng Pilipino

## PAG-ARALAN MO

Maliban sa mga naunang dayuhang nakipagkalakalan sa mga Pilipino, may iba pang mga dayuhang dumating sa bansa at nagdulot ng impluwensiya sa kulturang materyal nito.

Tingnan mo ang mga larawan sa ibaba. Kilala mo ba ang mga ito?

Ayusin mo ang mga titik sa kahon upang mabuo mo ang pangalan ng mga dayuhang sumakop sa Pilipinas.

____________________ O L Y A S P E N

____________________ A K O N A R E M I

____________________ O P H A S N E

Nakuha mo ba ang tamang sagot? Sinu-sino ang mga dayuhang tinutukoy?

A. Ano ang ipinakikita sa larawan?





Kaninong dayuhan nanggaling ang kulturang ito?



Sa pagdating ng mga Espanyol at sa halos apat na raang taon nilang pananakop sa Pilipinas, patuloy na yumaman ang kultura ng mga Pilipino.

Ang mga sumusunod ang naging epekto sa kulturang materyal ng mga Pilipino.

| | |
|---|---|
| Pagkain | Ang mga pagkain tulad ng menudo, pochero, asado, adobo, arroz caldo, torta, lechon, longganiza, sardines, atsara, mantikilya at tinapay. Gayundin ang mga gulay at prutas gaya ng mais, papaya, kakaw, repolyo, kasoy, tsiko at bayabas at pag-inom ng kape at tsokolate. Ang paggamit ng tinidor, pinggan at serbilyeta ay epekto rin ng kulturang Espanyol. |
| Kasuotan | Ang pagsusuot ng medyas, amerikana, kurbata at sombrero ng lalaki at pagsusuot ng damit Maria Clara at paggamit ng pañelo, alampay at payneta ng mga babae at paggamit ng suklay ay natutuhan mula sa mga Espanyol. Sa bukirin karaniwang suot ay camisa de chino, o kaya naman ay patadyong at kimona sa mga babae. |
| Tirahan | Ang mga bahay na yari sa bato na may asotea at bubong na tisa ay epekto ng arkitektong Espanyol. |

Sa panahong ito naipagawa rin ng mga Espanyol ang mga unang daang tulay, daungan at riles ng tren.

B. Suriin ang mga larawan. Ito ang naging epekto ng pananakop ng mga Amerikano sa kultura ng mga Pilipino.

| Pagkain | Kasuotan |
|---|---|
|  |  |

Hanggang ngayon ba ginagamit pa rin natin ang mga ito?
Sa kasalukuyan, ano pa ba ang maaari mong idagdag sa mga ito?

Sa panahon naman ng pananakop ng mga Hapones, wala silang masyadong naging epekto sa materyal na kultura ng mga naunang Pilipino.

Sa kasalukuyan, marami tayong masasabing naging epekto ng patuloy nilang pakikipag-ugnayan at kalakalan sa ating bansa. Ito'y sa larangan ng teknolohiya gaya ng kagamitang de kuryente sa bahay, mga cellphones at sasakyang de motor.

Ang pagkaing 'sashimi', 'tempura' at 'sushi' ay pagkaing Hapon na kinagigiliwang kainin ng mga Pilipino sa kasalukuyan.

May alam ka pa bang pagkain na mula sa mga Hapones?

## PAGSANAYAN MO

Gawin ang sumusunod na tsart. Isulat ang mga naging epekto sa material na kultura ng mga Pilipino ng mga dayuhan Espanyol, Amerikano at Hapones.

| Dayuhan | Pagkain | Kasuotan | Tirahan |
|---|---|---|---|
| Espanyol | | | |
| Amerikano | | | |
| Hapones | | | |


## TANDAAN MO

- Ang mahabang panahong pananakop ng mga Espanyol ay nakaapekto sa kulturang material ng mga Pilipino.
- Nagdulot ng malaking pagbabago sa kulturang material ng mga Pilipino ang pananakop ng mga Amerikano.

## ISAPUSO MO

Magbigay ng material na kontribusyong nakaapekto sa kultura ng Pilipino at sabihin kung nakabuti ito o hindi at kung bakit.

| Dayuhan | Materyal na Kontribusyon | Nakabuti o Di-Nakabuti | Katwiran |
|---|---|---|---|
| Espanyol | | | |
| Amerikano | | | |
| Hapones | | | |




## GAWIN MO

Gumawa ng 'album' ng mga ginupit na larawan ng mga kulturang materyal ng mga dayuhang Espanyol, Amerikano at Hapones na bahagi na ngayon ng kulturang Pilipino.



## PAGTATAYA

Sagutin ang mga sumusunod sa iyong kwadernong sagutan.

A. Isulat ang E kung ang kulturang materyal ay mula sa mga Espanyol; A kung mula sa mga Amerikano at H kung mula sa Hapones.

______ 1. Kape at tsokolate
______ 2. hamburger
______ 3. sapatos na may taking



______ 4. bahay na bato
______ 5. alampay
______ 6. cake
______ 7. kurbata
______ 8. arroz caldo
______ 9. bubong na tisa
______ 10. polo shirt

B. Sabihin kung Tama o Mali ang bawat pangungusap.

1. Halos tatlong daang taon namalagi ang mga Espanyol sa Pilipinas kaya't marami ang naging epekto nito sa kultura ng bansa.

2. Ang pasusuot ng medyas ay natutunan natin sa mga Amerikano.

3. Marami sa mga kasangkapang de kuryente na ginagamit natin sa bahay ay mula sa mga Hapones.

4. Natutuhan natin ang paggamit ng kutsara at tinidor mula sa mga Amerikano.

5. Ang  mga bahay na may asotea ay bahagi ng arkitekturang Espanyol na naidagdag sa ating kulturang Pilipino.


6. Mga pagkaing mula sa mga Espanyol ang longganisa at sardinas.

7. Ang paglalagay ng bubong na tisa sa mga bahay ay epekto rin ng kulturang Amerikano.

8. Ang kasuotang Amerikana ay galing sa mga Amerikano.

9. Likas sa kulturang Pilipino ang pagkain ng tinapay at mantikilya.

10. Ang pagsusuot ng pantalong may suspender at natutuhan natin sa mga Hapones.



**Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.**